Tumawag sa **1-800-400-8331** para sa mga tanong sa tugon ng DaVita sa COVID-19

DaVita Kidney Care

© 2020 DaVita Inc.

# Pinananatili kang ligtas




## MULA SA COVID-19 (CORONAVIRUS) **MULA MARSO 23, 2020**

Bahagi ka ng pamilya ng DaVita. **Pangunahin naming prayoridad ang kaligtasan mo.**

- Nananatiling may malapitang ugnayan ang DaVita sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at mga ibang eksperto para masiguro na kinikilusan namin ang pinakabagong impormasyon.

- Ang mga miyembro ng pangkat ng pangangalaga ng DaVita at mga sinanay na eksperto sa pagkontrol ng impeksiyon na sumasaklaw sa bawat interaksiyon ng detalyado.



- Pinipigilan namin ang sinumang indibiduwal na hindi mahalaga sa pangangalagang diyalisis na pumunta sa aming mga center o sumama sa mga pagbisita sa bahay. Sa kasamaang-palad, kasama dito ang mga miyembro ng pamilya.

- Sinasala namin ang bawat taong pumapasok sa klinika, ayon sa mga gabay ng CDC.

- Bago! Ang lahat ng tao sa center, kapwa mga pasyente at mga miyembro ng pangkat ng pangangalaga ay dapat laging magsuot ng mask habang sila ay nasa mga center namin. Ang mga pasyente sa tahanan ay dapat magdala ng mask mula sa tahanan kapag bumibisita sila sa center nila.



- Binibigyan namin kayo ng mga paraan para virtual na manatiling nakaugnay sa iyong pangkat sa DaVita at doktor para mabawasan ang peligrong malantad ka. Maaari mong i-download at gamitin ang DaVita Care Connect™ app sa smart phone. Tanungin ang iyong dialysis center para sa mga tagubilin o pumunta sa DaVita.com/covid-19-information.

**Kausapin ang iyong Facility Administrator kung may anumang tanong o alalahanin ka.**

Mahalaga sa amin ang tulong mo sa pagpapanatiling ligtas ang lahat. Mangyaring ipaalam sa amin kung paano ka namin masusuportahan sa mga pagbabagong ito.

© 2020 DaVita Inc.

DaVita Kidney Care

# Ano ang magagawa mo para manatiling ligtas

## MULA SA COVID-19 (CORONAVIRUS) **MULA MARSO 23, 2020**

**Gawin ang mga bagay na ito para manatiling kasing ligtas hangga't posible:**

- Itabi ang mga mask mo at guwantes para sa mga paggamot mo! Iwasang ibahagi ang mga ito sa ibang tao. Gumamit ng isang mask bawat araw, maliban kung punit, basa o madumi. Maaari mong ilagay ang mask sa isang papel na supot kapag hindi sinusuot.

- Bago! Maging proactive sa pag-order ng iyong mga dialysis supply, gamit sa bahay at grocery. Magtabi ng sapat na supply para magsagawa ng ligtas na therapy sa tahanan, pero huwag sobrahan ang stock ng supply dahil maraming mga pasyente ang nangangailangan ng mga ito. Tanungin din ang iyong dialysis clinic tungkol sa pang-emergency na dialysis na diyeta.

- I-download at gamitin ang DaVita Care Connect™ app sa smart phone para virtual na makipagkita sa iyong pangkat sa DaVita at doktor. Tanungin ang iyong dialysis center para sa mga tagubilin o pumunta sa DaVita.com/covid-19-information.

- Patuloy na pumunta sa dialysis center para sa mga appointment mo kung hindi ka nalantad sa at walang mga sintomas.

- Iwasan ang malapitang kontak sa ibang tao, kasama ang mga may sakit. Magsagawa ng social distancing. Iwasang bumiyahe hangga't maaari.

- Hugasan nang madalas ang mga kamay mo - gumamit ng sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo. O gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alcohol. Iwasang hipuin ang mukha mo.





**Ipaalam sa atin kung hindi mabuti ang pakiramdam mo, mayroon kang lagnat o mga sintomas na parang trangkaso. Katrabaho namin lahat ng mga center namin sa buong mundo para tumulong na panatiliing ligtas ang mga teammate at pasyente. Salamat sa pagtitiwala sa amin!**


© 2020 DaVita Inc.

# COVID-19 (Coronavirus)

## ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN MULA **MARSO 23, 2020**

### Ano ang coronavirus?

Ang mga coronavirus at pangkat ng mga virus. Ang kamakailang outbreak ay mula sa bagong coronavirus (tinutukoy bilang COVID-19) na hindi pa nakita sa mga tao bago ang Disyembre 2019. Ibang klase ng virus ito kaysa sa mga nagdulot ng trangkaso o karaniwang sipon, pero ang mga sintomas na dulot nito ay maaaring halos pareho.



### Sino ang makakakuha ng COVID-19?


Maaapektuhan ng virus ang mga tao na anuman ang edad. Subalit, ang pinakamalaking peligro ng impeksiyon ay para sa mga matatanda at may sakit na pasyente. Kasama dito ang mga taong may late-stage na sakit sa kidney.

### Paano ito kumakalat?

**1: Mula isang tao papunta sa ibang tao.** Naiisip na ang virus ay pinakakaraniwang kumakalat mula isang tao papunta sa ibang tao. Maaaring ganito mangyari:

- Ang walang impeksiyong tao ay napalapit sa taong nahawa ng coronavirus (sa loob ng 6 na talampakan)
- Ang naimpeksiyong tao ay umubo o bumahing, pinadala ang mga mikrobyong coronavirus sa hangin. Ang mga mikrobyo ay dumapo sa bibig, ilong o baga ng walang impeksiyong tao

**2: Surface-papunta sa-tao:** Posible din na ang mga mikrobyo ng coronavirus ay mapunta sa surface, tulad ng doorknob o cellphone. Ang walang impeksiyong tao ay maaaring makakuha ng mga mikrobyo sa kamay nila sa paghipo sa surface. Pagkatapos ay hihipuin nila ang kanilang bibig o ilong, at ang mga mikrobyo ay mapupunta sa katawan.



© 2020 DaVita Inc.

## Ano ang mga sintomas?

Ang mga pasyenteng may COVID-19 ay nakaranas ng banayad hanggang malalang respiratoryong sakit. Sa kasamaang-palad, maaaring kumplikado ito at nakamamatay sa ilang tao. Hanapin ang mga BAGONG sintomas na ito at ihambing sa karaniwan mong nararamdaman:

**Karaniwan**

- lagnat
- tuyong ubo
- kakapusan ng hininga

**Minsan**

- sakit ng ulo
- masakit na lalamunan
- kapaguran
- pagtatae

**Bihira**

- tumutulong ilong



**Karaniwang inaabot ng mga 5 araw para makakita ng mga sintomas matapos maimpeksiyon. Subalit, maaaring abutin ng hanggang 14 na araw o higit pa sa ilang kaso.**

## Paano kung may mga sintomas ako?

- Tawagan agad ang mga doktor mo at sabihin sa kanila na may mga sintomas ka ng COVID-19. Sundin ang mga tagubilin nila. Sabihin sa kanila na pasyente ka ng dialysis. Maaaring itukoy ka sa isang center ng pagsusuri ng COVID-19.
- Tawagan agad ang iyong dialysis center matapos ng doktor mo. O i-download ang DaVita Care Connect™ app at magsagawa ng virtual na pagbisita sa iyong pangkat ng DaVita.
- Kung mayroon kang appointment sa dialysis center at naniniwala na may sintomas ka, mahalagang kumonekta sa iyong pangkat sa DaVita bago pumunta. Maaaring pinakamainam na manatili ka sa bahay.

## Manatiling up-to-date

**Tawagan ang iyong DaVita center:** para sa mga tanong tungkol sa personal mong kalusugan at mga lokal na update

**Centers for Disease Control:** cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/prevention.html

**Website ng DaVita:** davita.com/covid-19-information

**Tumawag sa 1-800-400-8331:** para sa mga tanong sa tugon ng DaVita sa COVID-19

© 2020 DaVita Inc.

DaVita Kidney Care

# Kumonekta mula sa tahanan

## MULA MARSO 23, 2020

## Kumuha ng pangangalaga ng nurse mula sa tahanan at tumulong na manatiling ligtas mula sa COVID-19

### Ang DaVita ay may teknolohiya na makakatulong sa iyong manatiling ligtas

- Ang DaVita Care Connect™ ay isang app na maaari mong i-download sa smart phone.

- Binibigyan ka nito ng kakayahang manatiling nauugnay sa klinika mo **kung hindi ka makakapunta at kailangang manatili sa bahay dahil sa COVID-19.**

- Maaari kang magkaroon ng ligtas na video na pagpunta sa iyong pangkat ng pangangalaga. Para itong gumagamit ka ng FaceTime o SKYPE, pero ligtas. Makikita mo ng mukha nila at makakausap sila, halos parang nasa klinika ka.



### Paano ito gumagana

- I-download ang app sa smartphone. Gumagana ito sa karamihan ng mga smartphones tulad ng iPhone, Samsung, LG, at mga ibang Android phone. Pumunta sa DaVita.com/covid-19-information para sa tulong sa pag-install at mga tagubilin sa paggamit ng app.

Google Play

- Kung wala kang device, pag-isipang ipa-download ang app sa miyembro ng pamilya o partner sa pangangalaga na may device para sa iyo.

Download on the App Store

- Tawagan ang iyong nurse at ipaalam sa kanila na handa ka nang kumonekta.

**I-download ang app ngayon para maging handa.**
Pumunta sa DaVita.com/covid-19-information para sa higit pang impormasyon.

**Kung may mga sintomas ka tulad ng lagnat, ubo, kakapusan ng hininga, o potensiyal na nalantad sa COVID19, mangyaring kontakin ang iyong DaVita Home na klinika.**